

Ang krimen ng poot ay isang krimen na sa kabuuan o makabuluhang bahaging minomotiba ayon sa pagkiling laban sa ilang personal na katangian. Ayon sa batas ng Estadi ng New York, dapat ay may sumasailalim ng krimen upang maklasipika ang insidente bilang krimen ng poot. Nangangahulugan ito na dapat alamin muna ng mga awtoridad na may krimeng nagawa. Kapag nalaman na ang krimen ay namotiba ayon sa pagkiling, ang mga pagsakdal sa krimen ng poot ay maaaring idagdag sa orihinal na sakdal.

Ang mga pinahusay na parusang ito ay umiiral sapagkat habang ang anumang krimen ay may negatibong epekto sa biktima, ang mga krimen ng poot ay nakakaapekto sa mga biktima sa isang mas malalim at emosyonal na antas, at ang epekto ay mas malawak—na lumilikha ng takot at kaguluhan sa pamayanan sa mga may kaparehong katangian ng biktima. Maraming uri ng pinagbabatayan na mga krimen na, kapag pinagsama sa pagkiling na hangarin, ay maituturing na mga krimen sa poot, kabilang ang pisikal na pananakit, panalitang banta, pagnanakaw at panloloob, at pinsala sa pag-aari tulad ng graffiti.

Partikular na nagbibigay din ang batas sa New York na ang sinumang maglagay ng swastika o noose—kapwa makasaysayang ekspresyon ng poot—na may hangaring mang-abuso, mang-inis, magbanta, o mag-alarma, ay maaari ring masakdalan ng pinalalang panliligalig.

Mga halimbawa ng krimen ng poot

- ✓ Sabi ng pasahero sa tren, “Galit ako sa mga bakla,” at nagbantang bugbugin ang isang magkaparehang pareho ang kasarian na magkahawak-kamay.
- ✓ Ang isang pangkat ng mga teenager ay nag-spray paint ng swastika sa isang gusali o nagsabit ng silo mula sa puno.
- ✓ Dumura ang isang dumadaan sa mukha ng isang tao at sunmigaw, “Kayong mga Asyano ang nagkakalat ng Coronavirus!”

Anong mga pangkat ang kinikilala sa ilalim ng batas sa krimen ng New York?

Isinasaalang-alang ng batas ng Estado ng New York ang mga sumusunod na pagkakakilanlan kapag inaalam kung ang krimen ay namotiba ng pagkiling:

- Lahi o kulay
- Relihiyon o pangrelihiyong pagsasanay
- Ninuno o lugar ng pinagmulan
- Kasarian
- Seksuwal na oryentasyon
- Pagkakakilanlang kasarian o ekspresyon
- Kapansanan
- Edad

Paano kung walang sumasailalim na krimen?

Maaari pa ring mabiktima ang isang tao ng pagkiling at poot kung walang sumasailalim ng krimen. Ing insidente ng pagkiling ay kapag may taong panalitang nanligalig o nagdiskrimina laban sa iyo batay sa iyo ng pagkakakilanlan, pero hindi kaugnay ng insidente ang pisikal na pag-atake, isang banta ng pag-atake, o pinsala sa pag-aari.

Ang mga insidente ng pagkiling ay sineseryoso bilang mga halimbawa ng diskriminasyon, pero hindi ito kailangang mga krimen. Ang ilang insidente ng pagkiling ay maaaring protektahan ng mga probisyon sa malayang pananalita ng Konstitusyon. Ilang ilan ay maaaring pagsimulan ng mga sibil na multa sa Lungsod ng New York sa ilalim ng batas sa Mga Karapatang Pantao ng NYC, ni pinamamahalaan ng Komisyon ng NYC sa Mga Karapatang Pantao.

Mga halimbawa ng insidente ng pagkiling

- ✓ May taong dumaan sa harap ng taong Latinx sa kalye at sumigaw ng, “Galit ako sa mga Mehikano,” at, “Bumalik sa sarili mong bansa!”
- ✓ Tinawag ng isang pangkat ng mga teenager ang isang ltim na teenager ng salitang “N”.
- ✓ Sinabihan ng isang may-ari ng restawran ang isang kostumer na naka-turban na, “Hindi puwede dito ang mga muslim”.

Ano ang dapat kong gawin...

...kung makahanap ako ng graffiti na kasama ang poot na pananalita o mga simbolo ng poot, tulad ng swastika?

Ang graffiti ay isang krimen sa New York, at graffiti na kasama ang poot na pananalita o mga simbolo ng poot ay maaaring ituring na krimen ng poot. Ang mga swastika at silo ay ang pinakakaraniwang simbolo ng poot.

Kung makahanap ka ng graffiti na kasama ang poot na pananalita o simbolo ng poot, tumawag sa 911 at sabihin ang “krimen ng poot”. Makakatulong ding kumuha ng litrato ng graffiti na ibabahagi sa nagpapatupad ng batas.

...kung makahanap ako ng mga sticker o flier na nagtataguyod ng isang pangkat ng white supremacist sa isang poste ng ilaw?

Bagaman ang mga sticker, flier, at poster ay protektado ng First Amendment at ay hindi itinuturing na mga krimen ng poot, mahalagang iulat ang mga mensahe ng pagkiling o mapoot.

Kung kasama ng mga flier ang ilang imahe tulad ng swastika o silo, maaaring paabutin nito ang mga pagsakdal laban sa mga taong namamahagi ng materyales at dapat iulat sa lokal mong presinto.

...kung may taong pisikal na nagbanta sa akin habang gumagawa ng mga kumikiling na salita?

Aang pisikal na banta, kahit na walang kontak, ay maaaring ituring na krimen. Sa sandaling may magsama ng pisikal na banta kasama ng kumikiling na wika, maaaring maklasipika itong krimen ng poot.

Kung may sumigaw na, “Susuntuin ko ang iyong Asyanong mukha,” bago pisikal na makaugnay ang biktima, maaaring krimen ito ng poot at dapat mong iulat ang insidente sa pulis sa pagtawag sa 911 o pagpunta sa lokal mong presinto.

...kung may taong panalitang niligalig ako tungkol sa aking pagkakakilanlan, pero hindi ako pinagbantaan o hinipo?

Kapag niligalig ka ng tao dahil sa iyong lahi, pambansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, seksuwal na oryentasyon o pinagkilanlang kasarian, kapansanan, o anumang ibang protektadong kategorya, na maaaring ituring na pangdiskriminasyong panliligalig at dapat mong tawagan ang 311 at sabihin “mga karapatang-pantao” o iulat ang pagkiling na insidente sa NYC Commission on Human Rights (CCHR)

Kung hindi ka sigurado na ang panliligalig ay nagdidiskrimina o ito ay batay sa pagkakakilanlan mo, maaari ka pa ring tumawag o mag-email sa CCHR at tutulong silang maintindihan mo ang iyong mga karapatan at tutulungan ka sa pagsampa ng reklamo.

...kung hindi ako sigurado kung nakaranas ako na krimen ng poot o insidente ng pagkiling?

Kung may taong pisikal na sumakit sa iyo o nagbantang saktan ka, dapat kang tumawag sa 911. Pero dapat ay huwag kang mag-atubiling tumawag sa alinman sa 311, 911, o pareho kung hindi ka sigurado kung alin ang tatawagan.

Kung tumawag ka man sa 311 o 911, ang reklamo mo ay ipapasa sa tamang lugar. Mas mahalagang iulat ang insidente kaysa mag-alala tungkol sa kung anong numero ang gagamitin.

ANO ANG NANGYARI?

INSIDENTE NG PAGKILING

KRIMEN NG POOT

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

TUMAWAG SA 311 AT SABIHIN ANG “MGA KARAPATANG PANTAO” O PUNAN ANG ISANG ULAT NG DISKRIMINASYON SA [WEBSITE NG CCHR](#)

TUMAWAG SA 911 AT SABIHIN ANG “KRIMEN NG POOT” O TAWAGAN ANG LOKAL MONG PRESINTO NG PULIS

ANO ANG SUSUNOD NA MANGYAYARI?

IKOKONEKTA KA SA KAWANI NG CCHR NA MAAARING MAG-IMBESTIGA NG KASO O TULUNGAN KANG MAGSAMPA NG REKLAMO

IKOKONEKTA KA SA ISANG OPERATOR NA HIHINGI NG MGA DETALYE AT AALAMIN KUNG ANG PULIS AY DAPAT PAPUNTAHIN PARA MAG-IMBESTIGA. MAY MAKUKUHANG TULONG SA WIKA AT HINDI KA KAILANMAN TATANUNGIN TUNGKOL SA KATAYUAN SA IMIGRASYON.